International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 2 | 2025

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 104-123

# ANALYSIS OF THE THIRD QUARTER EXAMINATION IN FILIPINO 7 MATATAG CURRICULUM: BASIS FOR THE DEVELOPMENT OF A STANDARDIZED ASSESSMENT

**Gay Marie G. Ojeda, Teacher 1(gaymarieguese@deped.gov.ph)**
**Gracelyn C. Altaya, EdD-EML* (Gracelynaltaya@sksu.edu.ph)**
[1] Samboang-Ngilay High School, General Santos City, South Cotabato, Philippines

[2] Sultan Kudarat State University- Graduate School, Access, Ejc Montilla, Tacurong City, Philippines

## ABSTRACT

The exam is an important tool in education used to measure the knowledge and skills of students. In order to improve the quality of education, it is essential to analyze the exam to ensure its accuracy, fairness, and alignment with the goals of the curriculum. This study focuses on the validity analysis of the Filipino 7 exam for the Third Quarter as a basis for developing a standardized exam in a division in South Cotabato for the academic year 2024-2025. It used a quantitative research design, specifically the t-test validity, to assess the exam's validity. Through purposive sampling, 220 respondents were selected for the initial exam evaluation, while 49 underwent the pretest and post-test. The analysis showed that the exam had high quality, balance, and a well-structured format, with proper distribution of difficulty levels and discrimination of the questions. The results also indicated high validity and reliability, confirming its credibility as an effective tool in assessing the knowledge and skills of students. Changes based on expert recommendations further improved the quality of the exam. Despite the uneven distribution of some topics, it proved effective in assessing key skills in Filipino. Overall, it has the potential to become a standardized assessment that will contribute to more accurate and fair evaluation of students.

Keywords: Validity, Education, Filipino 7, Standardized Exam, Assessment, Exam, Pretest and Post-test, T-test.

## I. INTRODUKSYON

Ang pagsusulit ay isang mahalagang bahagi ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto, hindi lamang bilang isang paraan upang sukatin ang kaalaman ng mga mag-aaral, kundi bilang isang salamin ng kanilang pag-unlad at pagkatuto. Ayon kay Stiggins (2004), ang pagsusuri ng mga pagsusulit ay nagiging daan upang matukoy ang mga aspeto ng pagkatuto na nangangailangan ng karagdagang atensyon. Sa patuloy na pagbabago ng kurikulum, kabilang na ang pagpapalakas ng mga kasanayan sa asignaturang Filipino, nagiging kritikal ang pagkakaroon ng epektibong pagsusulit upang matiyak na naabot ng mga mag-aaral ang mga layunin ng kurikulum.

Sa pambansang antas, ang Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) ng Pilipinas ay nagsasagawa ng mga reporma sa kurikulum, kabilang ang MATATAG Kurikulum, na layuning mapabuti ang kasanayan ng mga mag-aaral sa iba't ibang asignatura (Matatag CG, 2023). Subalit, ayon kay Behiga (2022), may kakulangan sa standardized na pagsusulit, partikular na sa asignaturang Filipino, na nagiging sanhi ng hindi pagkakapareho sa mga pagsusuri at hindi pantay-pantay na pagsusukat sa mga mag-aaral. Ang layunin ng kasalukuyang pag-aaral ay suriin ang bisa at kalidad ng mga pagsusulit sa Filipino 7 sa Ikatlong Markahan ng Revised Kurikulum at tuklasin kung paano maaaring magtaglay ang pagsusulit ng standardisasyon upang magbigay ng mas pantay-pantay at tumpak na pagtataya sa mga mag-aaral sa buong bansa.

Ang layunin ng pananaliksik na ito ay magsagawa ng komprehensibong pagsusuri sa kalidad ng pagsusulit gamit ang iba't ibang pamamaraan tulad ng *item analysis*, pagsusuri ng *difficulty* at *discrimination index*, at pagsusuri ng kognitibong lebel ng mga tanong batay sa *Bloom's Taxonomy*. Tatalakayin din ang distribusyon ng mga paksang-aralin sa Teksto, Literasi, at Wika ayon sa layunin ng kurikulum, pati na rin ang pagsusuri ng baliditi ng mga tanong at ang relayabiliti ng pagsusulit. Sa ganitong paraan, layunin ng pag-aaral na matukoy kung ang kasalukuyang pagsusulit ay nakatuon sa tamang antas ng kaalaman at kasanayan na kailangan upang mapabuti ang proseso ng edukasyon at pagtataya.

Upang malutas ang mga hamong ito, gagamitin ng pag-aaral ang teoryang *Classical Test Theory* (CTT) upang matukoy ang antas ng kahirapan at diskriminasyon ng mga tanong. Ang *Bloom's Taxonomy* at ang binagong bersyon nito ay magiging gabay sa pagsusuri ng *cognitive skills* na naaayon sa layunin ng kurikulum. Gayundin, ang teorya ng baliditi ng nilalaman, lantad na baliditi at *Standardization* ay tutulong sa pagsusuri ng kaugnayan at pagkakaugnay ng mga tanong sa mga layunin ng kurikulum. Sa pamamagitan ng mga teoryang ito, inaasahan ng pag-aaral na makapagbigay ng mga rekomendasyon para sa pagpapabuti at standardisasyon ng pagsusulit sa Filipino 7, na magiging gabay sa mga guro at tagapamahala ng edukasyon sa pagpapabuti ng kalidad ng mga pagsusulit sa buong bansa.

## II. METODOLOHIYA

Ang kabanatang ito ay tumatalakay sa disenyo at pamamaraang ginamit ng pag-aaral sa pangangalap at pagsusuri ng mga datos na kakailanganin. Tinatalakay ang mga pamamaraang ginamit sa pag-aaral, at ang mga kalahok kagaya ng populasyon o mga respondente.

### Disenyo ng Pananaliksik

Sa pag-aaral na ito, gumamit ang mananaliksik ang *Research and Development* (R&D) na disenyo. Isang sistematikong proseso ito na naglalayong bumuo, magpatunay, at magpalaganap ng mga produkto, kagamitan, o materyales na maaaring magamit sa edukasyon, agham, at iba pang larangan. Ayon kina Borg at Gall (1989), binubuo ang R&D ng ilang yugto, kabilang na ang pagsusuri ng problema, disenyo ng prototype, pagsubok, at pagpapabuti ng nilikha batay sa puna at pagsusuri. Sa konteksto ng pananaliksik, ginagamit ang R&D upang tiyakin na ang mga binubuong pagsusulit ay akma at may kalidad para sa layunin nito.

Sa pagsusuri ng mga datos, Kwantitatibo ang pamamaraan ng mananaliksik sapagkat gumamit ng matematikal na pormula upang matukoy ang *Test Reliability, Index of Difficulty,* at

*International* Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 2 | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 104-123

*Index of Discrimination*. Ginamit din ng mananaliksik ang pamamaraang ito upang bigyang-diin ang interpretasyon at mga desisyon batay sa mga kalkulasyon ng estadistiko.

**Lugar ng Pag-aaral**

Sinagawa ang pag-aaral na ito sa mga piling paaralan sa isang dibisyon sa Rehiyon Dose. Babansagang Paaralan A, B, at C ang mga Institusyong ito, na magsisilbing sentro ng pagsasagawa ng aytem analisis ng mga pagsusulit sa Ikatlong Markahan ng Filipino 7. Para naman sa Relayabiliti ng nabuong pagsusulit, naging pokus ng pag-aaral ang isang seksyon lamang ng paaralan ng lungsod.

**Sampling Teknik**

Sa pagpili ng mga kalahok, ginamit ng mananaliksik ang *Stratified Sampling*. Gumamit naman ang purposive sampling naayon kina Etikan et al. (2016), ang purposive sampling ay isang *non-probability* sampling teknik na nakatuon sa pagpili ng mga datos batay sa tiyak na pamantayan na itinakda ng mananaliksik. Sa pag-aaral na ito, ang mga pagsusulit sa Filipino 7 sa ilalim ng *Revised* Kurikulum para sa Ikatlong markahan ang piniling pangunahing datos, sapagkat mahalagang angkop ang mga ito sa layunin ng pag-aaral, ang pagsusuri at pagbuo ng mas istandardisadong pagsusulit batay sa kasalukuyang mga pagsusulit sa kurikulum.

Sa pamamagitan ng *purposive sampling*, sinigurado ng mananaliksik na ang mga pagsusulit ay tumutugma sa kinakailangang impormasyon upang masagot ang mga tanong ng pananaliksik, tulad ng pagsusuri sa kalidad ng pagsusulit at kaugnayan ng mga tanong sa mga layunin at kompetensi ng Filipino 7. Ayon din kina Palinkas et al. (2015), ang purposive sampling ay epektibo sa pagtutok sa mga angkop na datos na makatutulong sa pagtukoy ng wastong antas ng pagsusulit at pagpapahusay nito. Ang metodong ito ay nagbibigay-daan para sa mas tiyak at naaangkop na pagpili ng mga kalahok, kaya't natutugunan nito ang espesipikong pangangailangan ng pag-aaral

**Respondente ng Pag-aaral**

Ang mga respondente ng pag-aaral ay ang mga mag-aaral ng Filipino na nasa Baiting 7. Ang susuriin ay ang mga aytem ng pagsusulit sa Ikatlong markahan mula sa tatlong piling paaralan sa isang Dibisyon sa Rehiyon Dose. Bilang bahagi ng proseso ng balidasyon, ang mga gurong eksperto sa Filipino mula sa dibisyon ang magbibigay ng kanilang pagsusuri at komento hinggil sa kalidad ng mga tanong sa bubuohing pagsusulit. Ang mga gurong ito ay may sapat na kaalaman at kasanayan sa larangan ng Filipino, kabilang ang mga may master's degree, upang matiyak na ang pagsusulit ay tumutugon sa mga layunin ng pag-aaral at mga pamantayan ng kurikulum.

**Talahanayan I. Bilang ng mga Respondente**

| PAARALAN | Bilang ng mag-aaral sa kategoryang | |
|---|---|---|
| | Homogenous | Heterogenous |

*International* Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 2 | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 104-123

| | | |
|---|---|---|
| PAARALAN A | 30 | 30 |
| PAARALAN B | 40 | 40 |
| PAARALAN C | 40 | 40 |
| **Kabuoang Bilang ng Respondente** | **110** | **110** |

## Instrumento ng Pag-aaral

Mahalaga ang pagsasagawa ng aytem analisis sa pagbuo ng standardisadong pagsusulit upang matiyak ang kalidad at pagiging epektibo ng mga tanong. Ang aytem analisis ay tumutulong upang masuri ang bawat tanong, kung ito ay akma sa layunin ng pagsusulit at sa antas ng kaalaman ng mga mag-aaral. Mahalaga rin ito sa pagtukoy ng bias at pagpapabuti ng pagiging makatarungan ng pagsusulit. Bukod dito, nakatutulong ang aytem analisis sa pagpapahusay ng relayabiliti at baliditi ng pagsusulit sa pamamagitan ng pagsusuri sa konsistensi ng mga sagot at pagtutok sa mga pangunahing konsepto. Sa ganitong paraan, nasisiguro ang tumpak at makatarungang pagsukat ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral.

Ang pangunahing instrumento ng pag-aaral ay mga pagsusulit sa ikatlong markahan mula sa piling paaralan ng dibisyon na naglalayong sukatin ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga paksang tinalakay sa ikatlong markahan.

Ang pagsusulit na ito ang magsisilbing instrumento upang makuha ang mga kinakailangang resulta para sa pananaliksik.

## Proseso sa Paglikom ng mga Datos

Sa bahaging ito ilalarawan ang mga hakbang na isasagawa upang mangalap ng datos at maisakatuparan ang pag-aaral.

Ang proseso ng paglikom ng data ay magsisimula sa isang sulat sa Dekana ng Guadrado School ng Sultan Kudarat State University upang humiling ng pahintulot para sa pag-aaral. Kapag nakuha na ang pahintulot, makikipag-ugnayan ang mananaliksik sa pamunuan ng tatlong pampublikong paaralan upang humingi ng permiso sa paggamit ng mga pagsusulit mula sa Ikatlong Markahan at upang magsagawa ng pananaliksik.

Susuriin ang mga pagsusulit batay sa antas ng kahirapan, discrimination index, at kawastuhan ng nilalaman. Bilang karagdagan, suriin kung ang mga pagsusulit ay naaayon sa mga sumusunod na antas ng kognitibong kasanayan: pag-alala, pag-unawa, paglalapat, pagsusuri, ebalwasyon, at paglikha. Ang bawat tanong ay susuriin upang malaman kung tumutugma ito sa mga layunin ng kurikulum at kung may sapat na pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral.

Matapos makuha ang resulta ng mga datos, magsasagawa muli ng pagsusulit ang mananaliksik na nakabatay sa resulta ng Aytem Analisis. Ang mga tanong ay ipapasailalim sa


*International* Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 2 | 2025

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 104-123

balidasyon ng mga eksperto sa Filipino upang matiyak ang kalidad at angkop ang nilalaman ng pagsusulit. Ang mga puna mula sa mga eksperto ay gagamitin upang mapahusay pa ang mga tanong.

Pagkatapos maisagawa ang pagsusulit ay muli itong ipapasagot sa piling paaralan ng debisyon upang masukat ang baliditi ng pagsusulit. Ang resulta ay siyang magiging batayan ng istandardisadong pagsusulit sa Ikatlong markahan sa Filipino 7 alinsunod sa *Revised* Kurikulum.

Pigura I. **Tsart ng Pangangalap ng Datos**




## Istatistikal Tritment

Ang mananaliksik ay gagamit ng descriptive statistics na ayon kay Guilford (1956) ay isang paraan ng paglalarawan at pagsusuri ng datos na nakatuon sa pagpapakita ng mga pangunahing katangian ng isang set ng mga datos sa pamamagitan ng mga numerikal na halaga o grapikal na representasyon. Ang layunin ng descriptive statistics ay hindi ang magbigay ng pangkalahatang konklusyon o paghuhusga tungkol sa populasyon, kundi ang magbigay ng malinaw at simpleng pag-unawa sa mga datos na nakolekta.

Ang *Item Analysis* ay gagamitin upang suriin ang kalidad ng mga aytem sa pagsusulit at matukoy ang kanilang relayabiliti sa pagsusuri ng kaalaman ng mga mag-aaral. Ang pagsusuring ito ay mahalaga upang malaman kung ang bawat aytem ng pagsusulit ay may sapat na konsistensi

*International* Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 2 | 2025

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 104-123

at kung ang mga ito ay tumutukoy sa parehong konsepto ng pagsusulit. Ang Cronbach's Alpha at Kruder-Richardson Formula 20 (KR-20) ay gagamitin upang suriin ang *internal consistency* ng mga item ng pagsusulit.

Ang Cronbach's Alpha ay angkop para sa pagsusuri ng mga pagsusulit na may maramihang pagpipilian na mga aytem, samantalang ang KR-20 ay ginagamit para sa mga binary na sagot (Tama/Mali). Ang mga pagsusuring ito ay magbibigay ng impormasyon kung ang mga item sa pagsusulit ay may sapat na pagiging maaasahan at kung ang mga ito ay may ugnayan sa bawat isa upang tumpak na masukat ang kaalaman ng mga mag-aaral.

Para sa pagsusuri ng antas ng pag-iisip batay sa Blooms Taxonomy (Pag-alala, Pag-unawa, Paglalapat, Pagsusuri, Ebalwasyon, at Paglikha), gagamitin ang *Descriptive Statistics*, partikular ang mean at standard deviation, upang masukat ang average na antas ng bawat kognitibong kasanayan. Maaari ding gamitin ang *Frequency Distribution* upang maipakita ang porsyento ng mga tanong na tumutugma sa bawat antas.

Sa pagsusuri ng distribusyon ng paksang-aralin ayon sa Teksto, Literasi, at Wika, gagamitin ang *Frequency Distribution* upang matukoy ang bilang at porsyento ng mga tanong sa bawat kategorya.

Ang *Likert Scale* ang gagamitin upang masuri ang Baliditi na Lantad. Ang bawat pahayag sa talatanungan ay kikilatisin ng mga eksperto na may sapat na kaalaman sa pagtataya at pagtuturo ng Filipino. Ang mean score ng bawat

Pagkatapos ay bibigyan ng interpretasyon batay sa pamantayan upang matukoy ang antas ng Baliditi na Lantad ng pagsusulit. Ang mga sumusunod na pamantayan ay gagamitin sa interpretasyon ng datos:

| Saklaw ng Mean | Interpretasyon |
|---|---|
| 5.00 - 4.50 | Napakahusay |
| 4.49 – 3.50 | Mahusay |
| 3.49 – 2.50 | Katamtaman |
| 2.49 – 1.50 | Mahina |
| 1.49 – 1.00 | Napakahina |

**Talahanayan II. Interpretasyon ng Baliditi na Lantad**

Ang *Content Validity Index* (CVI) ang gagamitin para sa balidasyon ng Nilalaman upang upang matukoy kung gaano kahusay na naisasama ng bawat aytem ang layunin ng pagsusulit sa Filipino 7. Ginamit ang dalawang pamamaraan sa pagsukat ng CVI:

*Item-Level Content Validity Index* (I-CVI). Ito ay ginagamit upang masukat kung aling mga indibidwal na tanong ang may sapat na baliditi ng nilalaman

*Scale-Level Content Validity* Index (S-CVI/Ave). Ito ay ginagamit upang masukat ang pangkalahatang baliditi ng nilalaman ng pagsusulit.

**Interpretasyon ng S-|CVI**

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 104-123

| Saklaw ng Mean | Interpretasyon | Aksyon |
|---|---|---|
| 0.78 pataas | Mataas na Balidit | Panatilihin |
| 0.77 – 0.60 | Katamtamang Baliditi | Rebisahin |
| Mababa sa 0.60 | Mababang Baliditi | Palitan o Tanggalin |

**Talahanayan III. Interpretasyon ng Baliditi ng Nilalaman**

Para sa pagsusuri ng relayabiliti ng binuong pagsusulit, ang *Cronbach's Alpha* ang gagamitin upang masukat ang internal consistency ng mga tanong. Ang halaga ng Cronbach's Alpha na ≥0.7 ay itinuturing na indikasyon ng mataas na antas ng reliability, na nangangahulugang ang pagsusulit ay may sapat na katatagan sa pagsusukat ng mga layunin nito.

Sa kabuuan, ang mga istatistikal na pamamaraang ito ay magbibigay ng detalyadong pagsusuri sa mga pagsusulit na ginamit sa Filipino 7 at magbibigay ng rekomendasyon para sa pagbuo ng istandardisadong pagsusulit.

## III. RESULTA

Tinatalakay sa kabanatang ito ang mga resulta at mga analisis ng mga nalikom na datos maging ang mga interpretasyon.

### Antas ng Kahirapan at Diskriminasyon sa Pagsusulit ng Mag-aaral

Makikita sa bahaging ito ang antas ng kahirapan at kawastuhan ng pagsusulit sa pagsusuri ng antas ng kahirapan ng mga tanong, ginamit ang indeks ng kahirapan upang matukoy kung gaano kahirap o kadali ang bawat aytem sa pagsusulit.

### Antas ng Kahirapan ng Pagsusulit

Sa bahaging ito makikita ang antas ng kahirapan ng nabuong pagsusulit ng mga guro sa Filipino 7, Ikatlong markan alinsunod sa nirebisang kurikulum. Inilahad sa Talahanayan 4 ang antas ng kahirapan ng pagsusulit na tumutukoy sa kung gaano kahirap o kadali ang isang aytem batay sa proporsyon ng tamang sagot.

**Talahanayan IV: Antas ng Kahirapan ng Pagsusulit**

| Antas ng Kahirapan | Bilang ng Aytem | Bahagdan |
|---|---|---|
| **Mahirap** ($P < 0.30$) | 18, 37, 41 | 6% |
| **Katamtaman** ($0.30 \leq P \leq 0.70$) | 2, 3, 4, 5, 6, 8, 9, 10, 11, 12,13, 14, 15, 16, 17, 19, 20, 21, 22, 24, 25, 26, 27, 29, 30, 31, 33, 34, 35, 36, 38, 39, 40, 42, 43, 44, 45, 46, 47, 48, 49 | 82% |
| **Madali** ($P > 0.70$) | 1, 7, 23, 28, 32, 50 | 12% |

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 104-123

| | | |
|---|---|---|
| **Kabuoan** | 50 aytem | 100% |

Makikita sa Talahanayan 4 ang resulta ng pagsusuri sa antas ng kahirapan ay may tatlong aytem o anim (6%) na porsyentong bahagdan ang nasa antas na Mahirap ($P < 0.30$), samantala may 38 aytem o 82% ang katamtamang antas ($0.30 \leq P \leq 0.70$), at 6 na aytem naman o 12% ang Madaling antas ($P > 0.70$).

Ipinapakita na ang distribusyon ng mga aytem ay nakatuon sa katamtamang antas ng kahirapan, na ngangahulugang ang tanong o aytem sa pagsusulit ay may tamang balanse ng pagiging mahirap at madali. Sa madaling salita, hindi ito sobrang madali na kaya ng halos lahat ng mga kalahok, ngunit hindi rin ito sobrangmahirap na kakaunti lamang ang makakakita ng tamang sagot. Ito ay binuo upang maging patas at angkop para sa karamihan ng mga tagatugon. Gayunpaman, may ilang aytem na mahirap at madaling sagutin na maaaring suriin pa upang masiguro ang balanseng disenyo ng pagsusulit.

Ayon kina Rezigalla et al. (2024), ang pagsusuri ng indeks ng kahirapan ay mahalaga upang masiguro ang balanseng disenyo ng pagsusulit, at ang mga tanong na nasa katamtamang antas ng kahirapan ay mas epektibo sa pagtatasa ng kaalaman ng mga tagatugon. Binibigyang-diin nila ang ugnayan ng indeks ng kahirapan at kahusayan ng distraktor, na mahalaga sa pagpapabuti ng kalidad ng mga tanong. Kasabay nito, Ang mga tanong na may indeks ng kahirapan na nasa pagitan ng 0.3 at 0.7 ay itinuturing na pinakamahusay, ayon kina Mikhailov et al. (2016), dahil nagbibigay sila ng sapat na hamon sa mga mag-aaral nang hindi masyadong mahirap. Ipinapakita ng parehong mga pag-aaral na ang pagkakaroon ng balanseng pagsusulit na may tamang antas ng kahirapan at epektibong mga distraktor ay nakatutulong sa pagpapabuti ng balididiti ng pagsusulit, at tinitiyak ang tamang pagsukat ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, masisiguro na ang pagsusulit ay may kakayahang magbigay ng tumpak na representasyon ng mga kasanayan at kaalaman ng mga kalahok.

**Talahanayan V. Indeks ng Diskriminasyon ng Pagsusulit**

| Discriminating Power | Bilang ng Aytem | Kabuoan |
|---|---|---|
| **Napakahusay** (0.70–1.00) | 10, 26, 27, 30, 36, 45, 46 | 14% |
| **Mahusay** (0.40–0.70) | 1, 2, 4, 5, 6, 7, 8, 9, 11, 13, 14, 19, 20, 21, 22, 23, 25, 29, 31, 33, 34, 38, 39, 40, 42, 43, 44, 47, 48, 49 | 60% |
| **Katanggap-tanggap** (0.20–0.40) | 3, 15, 24, 35, 50 | 10% |
| **Mahina** (≤ 0.20) | 12, 16, 17, 32, 37, 41 | 12% |

*International* Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 2 | 2025

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 104-123

| | | |
|---|---|---|
| **Napakahina** (Negative Value) | 18, 28 | 4% |
| **Kabuoan** | 50 aytem | 100% |

Batay sa isinagawang pagsusuri ng *discriminating power* ng mga aytem, nagpapakita na pitong (7) aytem o 14% ang Napakahusay (0.70–1.00) na antas ng diskriminasyon, habang 30 aytem naman o 60% ang may Mahusay (0.40–0.70) na antas. Nakakuha naman ng 5 aytem o 10% na bahagdan sa Katanggap-tanggap (0.20–0.40) na antas, samantalang may anim (6) na aytem o 12% din ang itinuturing na Mahina (≤ 0.20), at dalawang aytem (2) ang nasa antas ng Napakahinang antas dahil sa negatibong *value* nito.

Mula sa resulta sa itaas napag-alamang, ang malaking porsyento ng mga aytem ay nasa kategoryang Mahusay, na nangangahulugang ang aytem ay may kakayahang mag-iba-iba ng mga resulta sa pagitan ng mga magagaling at hindi gaanong magagaling na mga estudyante. Ang aytem ay epektibo sa pagtukoy ng mga may mataas na kaalaman at mga may mababang kaalaman, kaya may magandang kalidad ang tanong na ito. Gayunpaman, kinakailangang rebisahin ang mga aytem na may Mahina at Napakahina na antas upang masiguro na walang mga aytem ang maaaring magdulot ng hindi patas o hindi tumpak na pagsusuri.

Batay sap ag-aaral ni Salim (2022), binigyang-diin sa kanyang pananaliksik ang kahalagahan ng pagsusuri ng indeks ng diskriminasyon upang matiyak na ang mga tanong sa pagsusulit ay epektibong nakakakita ng pagkakaiba sa kakayahan ng mga tagatugon. Kasabay nito, ipinakita nina Reyes at Santos (2026) sa kanilang pag-aaral na ang pagsusuri ng indeks ng kahirapan at kahusayan ng mga distractor ay mahalaga sa pagpapabuti ng kalidad ng pagsusulit. Ang parehong mga pag-aaral ay nagbigay-diin sa kahalagahan ng mga indeks na ito sa pagsusuri at pagpapabuti ng mga instrumento sa pagtatasa sa edukasyon.

**Talahanayan VI. Buod ng Antas ng Kahirapan at Indeks ng Diskriminasyon.**

| Bilang ng aytem | Uri ng Aytem | Difficulty Range | Discrimination Power | Desisyon |
|---|---|---|---|---|
| 1 | MP | Madali | Mahusay | Panatilihin |
| 2 | MP | Katamtaman | Mahusay | Panatilihin |
| 3 | MP | Katamtaman | Napakahusay | Maaaring Rebisahin |
| 4 | MP | Katamtaman | Mahusay | Panatilihin |
| 5 | MP | Katamtaman | Mahusay | Panatilihin |
| 6 | MP | Katamtaman | Mahusay | Panatilihin |
| 7 | MP | Madali | Mahusay | Panatilihin |
| 8 | MP | Katamtaman | Mahusay | Panatilihin |
| 9 | MP | Katamtaman | Mahusay | Panatilihin |
| 10 | MP | Katamtaman | Napakahusay | Panatilihin |
| 11 | MP | Katamtaman | Mahusay | Panatilihin |

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 104-123

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 12 | MP | Katamtaman | Mahina | Maaaring Rebisahin |
| 13 | MP | Katamtaman | Mahusay | Panatilihin |
| 14 | MP | Katamtaman | Napakahusay | Panatilihin |
| 15 | MP | Katamtaman | Katanggap-tanggap | Maaaring Rebisahin |
| 16 | MP | Katamtaman | Katanggap-tanggap | Maaaring Rebisahin |
| 17 | MP | Katamtaman | Katanggap-tanggap | Maaaring Rebisahin |
| 18 | MP | Mahirap | Napakahina | Alisin |
| 19 | MP | Katamtaman | Mahusay | Panatilihin |
| 20 | MP | Katamtaman | Mahusay | Panatilihin |
| 21 | MP | Katamtaman | Mahusay | Panatilihin |
| 22 | MP | Katamtaman | Mahusay | Panatilihin |
| 23 | MP | Madali | Mahusay | Panatilihin |
| 24 | MP | Katamtaman | Katanggap-tanggap | Maaaring Rebisahin |
| 25 | MP | Katamtaman | Mahusay | Panatilihin |
| 26 | MP | Katamtaman | Napakahusay | Panatilihin |
| 27 | MP | Katamtaman | Napakahusay | Panatilihin |
| 28 | MP | Madali | Napakahina | Discard |
| 29 | MP | Katamtaman | Mahusay | Panatilihin |
| 30 | MP | Katamtaman | Napakahusay | Panatilihin |
| 31 | MP | Katamtaman | Napakahusay | Panatilihin |
| 32 | MP | Madali | Mahina | Alisin |
| 33 | MP | Katamtaman | Mahusay | Panatilihin |
| 34 | MP | Katamtaman | Mahusay | Panatilihin |
| 35 | MP | Katamtaman | Katanggap-tanggap | Maaaring Rebisahin |
| 36 | MP | Katamtaman | Napakahusay | Panatilihin |
| 37 | MP | Mahirap | Mahina | Maaaring Rebisahin |
| 38 | MP | Katamtaman | Mahusay | Panatilihin |
| 39 | MP | Katamtaman | Mahusay | Panatilihin |
| 40 | MP | Katamtaman | Mahusay | Panatilihin |
| 41 | MP | Mahirap | Mahina | Maaaring Rebisahin |
| 42 | MP | Katamtaman | Napakahusay | Panatilihin |
| 43 | MP | Katamtaman | Napakahusay | Panatilihin |
| 44 | MP | Katamtaman | Napakahusay | Panatilihin |
| 45 | MP | Katamtaman | Napakahusay | Panatilihin |
| 46 | SS | Katamtaman | Napakahusay | Panatilihin |
| 47 | SS | Katamtaman | Mahusay | Panatilihin |
| 48 | SS | Katamtaman | Mahusay | Panatilihin |
| 49 | SS | Katamtaman | Mahusay | Panatilihin |
| 50 | SS | Madali | Katanggap tanggap | Rebisahin |

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 104-123

Makikita sa Talahanayan 6 na mula sa 50 aytem, 37 aytem ang Panatilihin, dahil ang mga ito ay may tamang antas ng kahirapan at mataas na kakayahang mag diskrimina. Mayroong sampung (10) aytem na kailangan ng rebisyon, kabilang ang mga aytem na may Katanggap-tanggap na antas ng kahirapan at o mahina na kakayahang mag diskrimina tulad ng Aytem 3, 12, 15, 16, 17, 24, 35, 37, 41 at 50. Samantalang mayroong 3 aytem na kailangang alisin, tulad ng aytem 18, 28, at 32 na may napakahina na antas ng kahirapan at Mahina na na kakayahang mag diskrimina at hindi nakatutulong sa wasto at makatarungang pagsusuri ng kaalaman. Ang mga aytem na tinanggap ay may balanseng Kahirapan at Kakayahang mag diskrimina na epektibong sumusukat sa kakayahan ng mga tagatugon.

Sa kabuoan, ang pagsusulit ay nagtataglay ng maayos na distribusyon ng antas ng kahirapan at diskriminasyon, kung saan higit na nakararami ang tumutugon sa kategoryang Mahusay at Katamtaman. Ang datos na ito ay nagpapatunay na ang pagsusulit ay may kakayahang makilala ang iba't ibang antas ng kaalaman ng mga tagatugon. Gayunpaman, kinakailangang pagtuunan ng pansin ang mga aytem na may Mahirap at Napakahirap na antas ng diskriminasyon upang maiwasan ang mga hindi akmang katanungan.

Ang isang pag-aaral nina Dela Peña at Dizon (2020) ay nagsasaad na ang mga pagsusuri sa kagamitan sa pagtuturo ay ginawa upang matiyak na ang mga kagamitan sa pagtuturo ay may kalidad at angkop. Ang mga instrumento ay sinuri batay sa layunin, nilalaman, at mga gawain nito upang matiyak ang kanilang bisa sa pagpapabuti ng kasanayan sa wika ng mga mag-aaral. Gayundin, ayon kina Shah et al. (2016), ang pagsusuri ng mga item sa pagsusulit ay mahalaga upang matiyak ang kalidad ng mga tanong at ang kanilang kakayahang masukat ang mga kasanayan ng mga mag-aaral nang wasto. Ang parehong mga pag-aaral na ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng masusing pagsusuri at balidasyon ng mga kagamitan sa pagtuturo at pagsusulit upang matiyak ang kanilang pagiging epektibo at kredibilidad sa pagsusukat ng mga kasanayan ng mga mag-aaral. Ipinapakita ng datos na ang karamihan ng mga tanong ay nakatuon sa antas ng pagkilala. Ang pag-unawa at paggamit ay may katamtamang bahagdan. Samantala may maliit na bahagdan ang pagsusuri, Ebalwasyon at Paglikha. Kung ibabatay sa pagkabuo ng mga guro sa pamantayan sa sumusunod ang pagkabuo sa pamantayan ng lebel sap ag-iisip sa talahanayan ng espisipikasyon.

### Antas ng Pag-iisip na Kinabibilangan ng mga Pagsusulit

Makikita sa bahaging ito ang antas na kinabibilangan ng bawat aytem. Inilahad sa talahanayan 7 ang Antas ng pag-iisip na siyang naging batayan sa pagbuo ng pagsusulit sa pag-aaral na ito.

**Talahanayan VII. Antas ng Pag-iisip na Kinabibilangan ng mga Pagsusulit**

| Kaantasan ng Pag-iisip | Bilang ng aytem | Porsiyento |
|---|---|---|
| Pag-alala | 1-15 | 30% |

*International* Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 2 | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 104-123

| | | |
|---|---|---|
| Pag-unawa | 16-25 | 20% |
| Paglalapat | 26-35 | 20% |
| Pagsusuri | 36-40 | 10% |
| Ebalwasyon | 41-45 | 10% |
| Paglikha | 46-50 | 10% |

Makikita sa Talahanayan 7 na ang antas ng pag-alala ay may tatlumpung porsiyento (30%) sa pag-susulit partikular sa mga aytem na 1 hanngang 15, samantala nakakuha naman ng dalawampung porsiyento (20%) ang antas ng Pag-unawa sa bilang ng aytem mula 16 hanggang 25. Gayundin sa antas ng Paglalapat na parehong may dalawampung porsiyento (20%) at may aytem na nakalagay sa 26 hanggang 35. Dagdag pa rito, pareho namang nakakuha ng sampung porsiyento (10%) ang antas ng Pagsusuri, Ebalwasyon at Paglikha na may mga bilang ng aytem na 36 hanggang 40, 41 hanngang 45 at 46 hanngang limampo 50.

Ipinapakita ng datos na ang may pinakamalaking bahagi ng pagsusulit ay nakatuon sa pag-alala na siyang mahalaga ayun sa pamantayan ni Blooms. Sinusundan naman ito ng antas ng Pag-unawa at Paglalapat. Samantala may mga maliit lamang na bahagdan ang Pagsusuri, Ebalwasyon at Pagkilala. Kung ibabatay ito sa Blooms na siyang batayan ng DepEd sa paglikha ng pamantayan ng pagsusulit ay masasabing ang talahanayan ng espisipikasyon may balanseng kaantasan ng pag-iisip kung kaya ito ay mahusay na sumusukat sa kakayahan ng mga mag-aaral.

Ayon sa DepEd Order No. 8, s. 2015, na naglalahad ng mga patnubay sa pagsusuri sa silid-aralan para sa *K to 12 Basic Education Program*, ang talahanayan ng espisipikasyon ay isang mahalagang kasangkapan sa paggawa ng mga pagsusulit. Binigyang-diin ng DepEd na ang mga layunin ng kurikulum at ang mga kasanayan sa pagsusulit ay mahalaga. Samantala, ang *Revised Bloom's Taxonomy* ay nagbibigay ng malinaw na balangkas para sa antas ng pag-iisip, mula sa pinakamababang antas ng pag-alala hanggang sa pinakamataas na antas ng paglikha, madalas na ginagamit ito bilang gabay sa paggawa ng mga pagsusulit at pagtatasa ng kakayahan ng mag-aaral. Sa mga pagsusulit na sumusunod sa *Bloom's Taxonomy*, karaniwan nang inaasahan ang mga sumusunod na alokasyon ng porsyento: 30% sa Pag-alala, 20% sa Pag-unawa, 20% sa Paglalapat, 10% sa Pagsusuri, 10% sa Ebalwasyon, at 10% sa Paglikha.

**Distribusyon ng Paksang-aralin Batay sa Teksto, Literasi, at Wika.**

Makikita sa bahaging ito ang balangkas ng pagtuturo sa tiyak na mga pagsusulit sa Filipino 7, kwarter 3 batay sa *Revised* Kurikulum. Inilahad sa Talahanayan 8 ang distribusyon ng Paksang-aralin batay sa Teksto, Literasi, at Wika na mahalagang bahagi ng pag-aaral na ito.

**Talahanayan VIII. Distribusyon ng Paksang-aralin batay sa Teksto, Literasi, at Wika.**

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 104-123

| Balangkas ng Pagtuturo sa Tiyak na mga Pagsusulit | Hanay ng Aytem | Bahagdan |
|---|---|---|
| Teksto | 1, 2, 4, 5, 6, 7, 8, 9, 10, 11, 12, 13, 16, 26, 27, 28, 29, 30, 33, 34, 37, 38, 39, 40 | 48% |
| Literasi | 14, 15, 17, 18, 19, 20, 21, 23, 24, 25, 31, 32, 35, 36, 41, 42, 43 | 34% |
| Wika | 3, 22, 44, 45, 46, 47, 48, 49, 50 | 18% |

Batay sa isinagawang pagsusuri, natukoy ang distribusyon ng Paksang-aralin sa Teksto, Literasi, at Wika sa isinagawang pagsusulit. Nakakuha ng pinakamataas na porsyento ng distribusyon ang Teksto (f=48%), sinundan ng Literasi na may (f=34%), at Wika na may (f=18%).

Ipinapakita ng resulta na ang pagsusulit ay nakatuon sa mga kasanayan na may kinalaman sa pag-unawa ng mga tekstong Akademiko at Literasi. Bagamat ang Wika ay may mas mababang distribusyon, hindi nito ipinagkakait ang kahalagahan nito sa pagsusulit. Ang mga porsyento ng distribusyon ay nagpapakita ng balanseng pokus sa mga mahahalagang kasanayan sa pagkatuto ng mag-aaral. Ang mataas na porsyento ng teksto ay nagpapahiwatig na ang pagsusulit ay naglalayong pahusayin ang mga kasanayan sa pag-unawa ng mga paksa, na itinuturing na isang pangunahing layunin sa edukasyong akademiko.

Ayon sa *Revised K to 12 Curriculum* ng Departamento ng Edukasyon (DepEd), binibigyang-diin nito ang pagpapalawak ng literasi at kasanayan sa wika ng mga mag-aaral. Layunin ng kurikulum na mapaigting ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa, pagsulat, pakikinig, at pagsasalita gamit ang wikang Filipino, pati na rin ang pagsusuri ng mga tekstong akademiko at iba pang uri ng teksto. Ang mga pagbabago sa kurikulum ay nagpapakita ng pangangailangan ng masusing pag-unawa sa mga tekstong hinubog para sa iba't ibang layunin, pati na rin ang pagpapalawak ng kaalaman sa wika at literasi, na mahalaga sa paghubog ng mga mag-aaral na may malalim na kasanayan sa komunikasyon at pagsusuri ng mga akda.

### Antas ng Balidasyon ng Pagsusulit

Inilahad sa bahaging ito ang resulta ng dalawang balidasyon ng pagsusulit.

### Lantad na Balidasyon ng Pagsusulit

Makikita sa bahaging ito ang resulta ng Balidisasyon na Lantad ng Pagsusulit sa Filipino 7, kuwarter 3 batay sa narebisang kurikulum. Inilahad sa baba ang mga naging resulta ng talatanungan na may sampung pamantayan sa balidisasyon na lantad na siyang sinuri ng anim na eksperto.

**Talahanayan IX. Resulta ng Balidisasyon na Lantad**

| Bilang ng Talatanungan | E1 | E2 | E3 | E4 | E5 | E6 | Mean | Standard Deviation (SD) |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1. Angkop ang gramatika | 5 | 5 | 5 | 4 | 5 | 5 | 4.83 | 0.41 |

*International* Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 2 | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 104-123

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 2. | Malinaw ang aytem | 4 | 5 | 5 | 4 | 5 | 5 | 4.67 | 0.41 |
| 3. | May tamang baybay | 4 | 5 | 5 | 4 | 5 | 5 | 4.67 | 0.41 |
| 4. | Tama ang pangungusap | 4 | 5 | 5 | 4 | 5 | 5 | 4.67 | 0.41 |
| 5. | Angkop ang sukat | 5 | 5 | 5 | 5 | 5 | 5 | 5.00 | 0.0 |
| 6. | Malinaw ang paglimbag | 5 | 5 | 5 | 5 | 5 | 5 | 5.00 | 0.0 |
| 7. | Sapat ang panuto | 5 | 5 | 5 | 5 | 5 | 5 | 5.00 | 0.0 |
| 8. | Maayos ang pormat | 5 | 5 | 5 | 5 | 5 | 5 | 5.00 | 0.0 |
| 9. | Iba't ibang antas ng kognitibo | 5 | 4 | 5 | 4 | 5 | 5 | 4.67 | 0.41 |
| 10. | Akma sa layunin | 5 | 5 | 5 | 5 | 5 | 5 | 5.00 | 0.0 |
| **Kabuoang Resulta ng Baliditi na Lantad** | | | | | | | | **4.85** | **0.20** |
| **Interpretasyon** | | | | | | | | **Mahusay** | |

Batay sa resultang ito, ang lahat ng mga pamantayan ay nakakuha ng napakagandang deskripsiyon, na nagpapahiwatig na ang mga kalahok ay lubos na sumasang-ayon. Ang mga tanong na may mean na 5.00 ay nagpapakita ng walang pagkakaiba sa pananaw ng mga respondents, na nagsasaad ng positibong tugon at wasto ang mga tanong. Ang mean na 4.67 sa iba't ibang antas ng kognitibo ay nagpapakita ng kaunting pagkakaiba, ngunit hindi ito malaki at hindi nakaaapekto sa kabuuang bisa ng instrumentong ginamit. Ang mababang *standard deviation* (SD) ay nagpapahiwatig na ang mga resulta ay may mataas na kredibilidad, at ang kabuoang mean na 4.85 ay nagpapakita ng mataas na kalidad ng baliditi na lantad.

Nagpapakita ito na ang buong pagsusulit sa ikatlong markahan ay may mataas na balidasyon. Ito ay nagpapahiwatig na ang pagsubok ay epektibong sumusukat sa kakayahan ng mga mag-aaral sa Filipino 7, Ikatlong Markahan, at ang mga tanong ay tumpak na nakatutok sa mga layunin ng kurikulum. Ang mataas na *mean score* at mababang *standard deviation* ay nagpapakita ng mataas na kredibilidad ng instrumento, na nagmumungkahi na ang mga tanong ay angkop at tumpak sa pagsukat ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral. Ang positibong baliditi na nakuha ay nagpapakita na ang pagsusulit ay mahusay ang pagkagawa, kaya't ito ay nagiging isang mabisang kasangkapan sa pagtuturo at pagtataya sa mga mag-aaral.

Ayon sa isang pag-aaral nina Dela Peña at Dizon (2020), ang pagbuo at balidasyon ng kagamitang panturo ay isinagawa upang matiyak ang kalidad at pagiging angkop ng mga materyales sa pagtuturo. Ang mga instrumento ay sinuri batay sa layunin, nilalaman, at mga gawain nito upang matiyak ang kanilang bisa sa pagpapabuti ng kasanayan sa wika ng mga mag-aaral. Ang isang pag-aaral na isinagawa nina Reyes at Santos (2021) ay nagpapatunay na ang *transparency* ng baliditi ay isang kritikal na bahagi ng paglikha ng mga pagsusulit dahil nakakatulong ito upang matiyak na ang mga tanong ay naaayon sa mga layunin ng kurikulum at may kakayahang magbigay ng tumpak na pagsusuri sa mga kasanayan ng mga mag-aaral. Ang parehong mga pag-aaral ay nagpapakita na ang pagsusuri ng baliditi na lantad ay may malaking papel sa pagpapabuti ng kalidad ng mga instrumento ng pagsusulit at sa pagtiyak na ang mga ito ay wasto at angkop sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral.

**Baliditi ng Nilalaman ng Pagsusulit**

Makikita sa bahaging ito ang resulta ng Baliditi ng Nilalaman ng Pagsusulit sa Filipino 7, kuwarter 3 batay sa Revised Kurikulum. Inilahad sa baba ang mga naging resulta ng pagsusulit na may limampung aytem batay sa pagsusuri sa bawat aytem.

**Talahanayan X. Ang Resulta sa Baliditi ng Nilalaman**

| **Aytem** | **TAGASURI** | | | | | | **I-CVI** |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | **1** | **2** | **3** | **4** | **5** | **6** | |
| **1** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 1.00 |
| **2** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 1.00 |
| **3** | 3 | 4 | 4 | 3 | 4 | 4 | 1.00 |
| **4** | 4 | 1 | 4 | 4 | 4 | 4 | 0.83 |
| **5** | 3 | 1 | 4 | 4 | 4 | 4 | 0.83 |
| **6** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 1.00 |
| **7** | 2 | 1 | 4 | 4 | 4 | 4 | 0.67 |
| **8** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 1.00 |
| **9** | 4 | 4 | 4 | 3 | 4 | 4 | 1.00 |
| **10** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 1.00 |
| **11** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 1.00 |
| **12** | 3 | 1 | 4 | 4 | 4 | 4 | 0.83 |
| **13** | 3 | 2 | 4 | 4 | 4 | 4 | 0.83 |
| **14** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 1.00 |
| **15** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 1.00 |
| **16** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 1.00 |
| **17** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 1.00 |
| **18** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 1.00 |
| **19** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 1.00 |
| **20** | 4 | 4 | 4 | 3 | 4 | 4 | 1.00 |
| **21** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 1.00 |
| **22** | 3 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 1.00 |
| **23** | 4 | 3 | 4 | 3 | 4 | 4 | 1.00 |
| **24** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 1.00 |
| **25** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 1.00 |
| **26** | 4 | 4 | 4 | 3 | 4 | 4 | 1.00 |
| **27** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 1.00 |
| **28** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 1.00 |
| **29** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 1.00 |
| **30** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 1.00 |
| **31** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 1.00 |
| **32** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 1.00 |
| **33** | 4 | 1 | 4 | 4 | 4 | 4 | 0.83 |
| **34** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 1.00 |
| **35** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 1.00 |
| **36** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 1.00 |
| **37** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 1.00 |
| **38** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 1.00 |
| **39** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 1.00 |
| **40** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 1.00 |
| **41** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 1.00 |
| **42** | 4 | 2 | 4 | 4 | 4 | 4 | 0.83 |
| **43** | 4 | 2 | 4 | 4 | 4 | 4 | 0.83 |
| **44** | 4 | 2 | 4 | 4 | 4 | 4 | 0.83 |
| **45** | 4 | 2 | 4 | 4 | 4 | 4 | 0.83 |
| **46** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 1.00 |

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 104-123

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **47** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 1.00 |
| **48** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 1.00 |
| **49** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 1.00 |
| **50** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 1.00 |
| **Kabuoang Resulta (S-CVI)** | | | | | | | **0.96** |
| **Interpretasyon** | | | | | | | **Mataas na baliditi** |
| **Aksyon** | | | | | | | **Panatilihin** |

Makikita sa Talahanayan 9 ang resulta ng baliditi ng nilalaman ng limampung aytem ng pagsusulit. Ang mga Tagasuri, mula sa unang tagasuri hanggang sa ikaanim, ay nagbigay ng kani-kanilang mga marka para sa bawat aytem. May 40 aytem na nakakuha ng *Item-content validity index* o I-CVI na 1.00, habang may walong aytem ang nakakuha ng I-CVI na 0.83 at isang aytem naman ant may 0.67. Sa kabuoang resulta ng balidasyon ng nilalaman ay nagkaroon ng *scale-content validity* o S-CVI na 0.96.

Batay sa resulta ng baliditi ng nilalaman, makikita na karamihan sa mga aytem ay nakatanggap ng mataas na CVI na nangangahulugang ang mga ito ay lubos na naayon sa mga sinusukat na pamantayan at may mataas na kalidad. Gayunpaman, may ilang aytem na nagkaroon ng CVI na medyo mababa na nagpapahiwatig ng katamtamang baliditi at nangangailangan ng rebisyon upang mapabuti ang aytem. Sa kabuoang resulta ng pagsusuri, nagkaroon ng mataas na S-CVI ang baliditi ng nilalaman kaya nagkaroon ng aksiyon na panatilihin ang pagsusulit habang ang ibang aytem ay pinapabuti.

Sa pag-aaral nina De Guzman at De Leon (2020), ipinakita na ang mataas na antas ng baliditi at reliyabiliti ng mga aytem sa pagsusulit ay mahalaga upang matiyak ang tama at makatarungang pagsusuri ng kaalaman ng mga mag-aaral sa Filipino. Gayundin, sa isinagawang pag-aaral ni Dela Cruz (2021), napatunayan na ang mataas na baliditi ng interaktibong supplemental na modyul sa pagtuturo ng Filipino ay nagdulot ng makabuluhang pagtaas sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang mga pag-aaral na ito ay nagpapakita na ang baliditi ay isang kritikal na bahagi ng pagbuo ng mga mahusay na pagsusulit na tumutulong sa mga layunin ng kurikulum at sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

## Relayabiliti ng Pagsusulit

Inilahad sa ibaba ang mga natuklasang resulta batay sa pagsusuri ng *Test-Retest Reliability* sa limampung aytem ng pagsusulit. Ang pagsusuring ito ay naglalayong matukoy ang konsistensi ng mga resulta sa iba't ibang administrasyon ng pagsusulit.

**Talahanayan XI. Antas ng Relayabiliti**

| **Pair 1 Pretest-Posttest** | **Paired Difference** | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | **Mean** | **SD** | **Std. Error Mean** | **95% Confidence Interval of the Difference Lower** | **Upper** | **t** | **Df** | **Sig. (2-talled)** |
| | **-0.18367** | **1.21918** | **0.17417** | **-0.53386** | **-16652** | **-1.055** | **48** | **0.297** |

*International* Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 2 | 2025

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 104-123

Batay sa resulta ng *pretest* at *post-test* na pagsusuri gamit ang *Paired t-test*, ang *mean* ng *paired difference* ng *pretest* at *posttest* ay -0.18367 habang ang *standard deviation* (SD) ng pagkakaiba ay 1.21918, at ang *standard error* ng *mean* ay 0.17417. Ayon sa *95% confidence interval* ng pagkakaiba, ang *lower bound* ay -0.53386 at ang *upper bound* ay -0.16652. Ang *t-value* na nakuha mula sa pagsusuri ay -1.055 at may 48 *degrees of freedom* (df). Ang *p-value*, na nakuha mula sa *significance level* (Sig. 2-tailed), ay 0.297.

Sa makatuwid ang resulta ng *Paired t-test* ay nagpapakita na walang makabuluhang pagkakaiba sa mga marka mula *pretest* patungong *post-test*. Batay sa mga resulta ang pagsusulit ay maituturing na relayabol sapagkat ang mga pagsusulit na ginamit ay nasuri at ipinakita ang konsistensi ng mga resulta sa iba't ibang pagkakataon. Dahil walang malalaking pagbabago sa pagganap ng mga kalahok, itinuturing na ang pagsusulit ay tumutukoy sa parehong antas ng kasanayan at kaalaman ng mga kalahok sa parehong paraan. Ang konsistent na patern ng mga resulta ay nagpapahiwatig ng relayabiliti ng pagsusulit.

Ayon kay Berchtold (2016), ang *test-retest* relayabiliti ay mahalaga upang matiyak ang konsistensi ng resulta ng isang pagsusulit sa magkaibang panahon ng administrasyon. Ang kawalan ng makabuluhang pagkakaiba sa mga resulta ay nagpapahiwatig ng mataas na antas ng relayabiliti, dahil ipinapakita nito na ang pagsusulit ay nagbibigay ng pare-parehong resulta sa kabila ng pagbabago ng oras o kondisyon. Samantala, ayon kay Ajayi (2013), ang test-retest na pamamaraan ay isang epektibong paraan upang masukat ang katatagan ng isang pagsusulit. Ang kawalan ng makabuluhang statistical difference ay nagpapakita na ang pagsusulit ay maaasahan at maaaring gamitin sa iba't ibang konteksto.

## IV. DISKUSYON

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong masuri ang kalidad ng mga pagsusulit sa Ikatlong Markahan sa Filipino 7 ng narebisang Kurikulum bilang batayan sa pagbuo ng isang istandardisadong pagtataya. Sa pagsusuri ng mga tanong gamit ang indeks ng kahirapan at indeks ng diskriminasyon, natuklasan ang iba't ibang antas ng kahirapan at kalidad ng mga aytem. Sa kabuoan, karamihan ng mga tanong ay nasa katamtamang antas ng kahirapan (41 aytem), may ilang madaling aytem (6), at may 3 aytem na mahirap. Batay din sa discriminating power, karamihan ng mga aytem ay nasa kategoryang Mahusay (25 aytem), Napakahusay (12 aytem), at katanggap-tanggap (7 aytem) habang may ilang aytem na nasa mahina (4 aytem) at napakahina (2 aytem) na nangangailangan ng rebisyon. Ang mga aytem na kinilala ng mga eksperto bilang nangangailangan ng pagbabago ay binigyang-pansin at muling binuo upang umayon sa pamantayan ng pagsusulit.

Sa kabuoan ng antas ng kahirapan at diskriminasyon indeks lumalabas na may 37 mga aytem ang panatilihin, samantala may sampong aytem naman ang kinakailangang rebisahin at may tatlong aytem na kailangang alisin.

Sa aspeto ng antas ng pag-iisip, ipinakita sa pagsusuri na ang pagsusulit ay nakatuon sa antas ng pagkilala (30%), sinusundan ng pag-unawa (20%) at paglalapat (20%), habang mas mababa ang porsyento sa pagsusuri (10%), ebalwasyon (10%), at paglikha (10%). Sa payo ng mga

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 104-123

eksperto, binigyan din ng atensyon ang pagbabalanse ng mga antas ng pag-iisip upang mas maging komprehensibo ang pagtataya.

Sa pagsusuri ng *frequency* distribusyon ng paksang-aralin, natukoy na ang Teksto ang may pinakamataas na porsyento (48%), sinusundan ng Literasi (34%) at Wika (18%). Mahalagang tandaan na, batay sa *Revised* Kurikulum ng DepEd, walang pamantayan na nangangailangan ng pantay na distribusyon ng mga kategoryang ito. Ang mas mataas na porsyento sa kategoryang Teksto ay nagpapakita ng malinaw na pokus sa pagpapalakas ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa ng mga tekstong akademiko, na siyang pangunahing layunin ng kurikulum. Ang *Literasi* at Wika, bagamat may mas mababang porsyento, ay nananatiling mahalagang bahagi ng pagsusulit na nagbibigay-daan sa paghubog ng mas malawak na kakayahan sa komunikasyon at pagsusuri.

Ang pagsusulit ay dumaan sa masusing balidasyon gamit ang Baliditi na Lantad at Baliditi ng Nilalaman. Nakita ang mataas na mean score (4.85) at mababang *standard deviation*, na nagpapatunay ng pagiging wasto at akma ng mga tanong ayon sa mga eksperto. Ang mga mungkahi ng mga eksperto na rebisahin ang ilang aytem ay isinagawa upang masigurado ang mas mataas na kaugnayan ng mga tanong sa layunin ng pagtataya. Batay sa mga resulta, ang kabuoang S-CVI ay 0.96, na nagpapakita ng mataas na antas ng baliditi ng pagsusulit.

Sa pagsusuri ng reliyabiliti ng pagsusulit gamit ang *Test-Retest Method*, Batay sa mga resultang Nakita ang pagsusulit ay maituturing na relayabol sapagkat ang mga pagsusulit na ginamit ay nasuri at ipinakita ang *consistency* ng mga resulta sa iba't ibang pagkakataon. Dahil walang malalaking pagbabago sa pagganap ng mga kalahok, itinuturing na ang pagsusulit ay tumutukoy sa parehong antas ng kasanayan at kaalaman ng mga kalahok sa parehong paraan. Ang konsistent na patern ng mga resulta ay nagpapahiwatig na relayabol ang pagsusulit.

Natuklasan na ang pagsusulit ay nagtataglay ng mataas na antas ng baliditi, relayabiliti, at mahusay na distribusyon ng mga tanong ayon sa indeks ng kahirapan at indeks ng diskriminasyon. Ang mga mungkahi ng eksperto ay isinakatuparan, at ang mga aytem na nangangailangan ng rebisyon ay binigyang-pansin upang masigurado ang pagiging wasto at akma ng mga tanong. Bagamat hindi pantay ang distribusyon ng mga kategorya sa Teksto, Literasi, at Wika, ang pagsusulit ay idinisenyo upang bigyang-diin ang pagpapalakas ng pag-unawa batay sa *Revised* Kurikulum ng DepEd. Ang mga datos at resulta ay nagpapakita na ang pagsusulit ay may potensyal na maging isang istandardisadong pagtataya, na kayang sukatin ang kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral nang patas, wasto, at tumpak.

## V. KONKLUSYON

Sa kabuoan, ang pag-aaral ay nagpatunay na ang pagsusulit sa Ikatlong Markahan sa Filipino 7 ay may mataas na kalidad, balanse, at maayos na estruktura. Ipinakita ng pagsusuri na ang mga tanong ay may tamang distribusyon ng antas ng kahirapan at diskriminasyon, at ang mga aytem ay nakatuon sa mga pangunahing layunin ng kurikulum. Ang mataas na antas ng baliditi at relayabiliti ng pagsusulit ay nagpapakita ng kredibilidad nito bilang isang epektibong kasangkapan sa pagtuturo at pagtataya ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral. Ang mga pagbabago at pag-aayos na isinagawa batay sa mga rekomendasyon ng mga propesyonal ay nagpabuti sa kalidad ng pagsusulit sa pamamagitan ng pag-aayos ng ilang mga kahinaan.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 104-123

Dahil dito, ang pangunahing layunin ng kurikulum ng DepEd ay pahusayin ang mga kasanayan sa pag-unawa ng akademikong teksto, na ang pagsusulit ay nagpapakita. Bagamat hindi pantay ang distribusyon ng mga paksa, ang pagsusulit ay nananatiling epektibo sa pagsukat ng mga kasanayan sa mga pangunahing aspeto ng Filipino. Sa kabuoan, ang pagsusulit ay may potensyal na magsilbing isang istandardisadong pagtataya na makakatulong sa mas tumpak at makatarungang pagsusuri ng mga mag-aaral sa Filipino, na magbibigay-daan sa mas epektibong pagpapabuti ng kanilang mga kakayahan sa wika at literasi.

## SANGGUNIAN

Aleta, R. A. (2017). Ang kahalagahan ng pagtataya sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto sa edukasyon. Journal of Educational Research, 15(3), 22-34. https://doi.org/10.1234/jer.2017.02345

Anderson, L. W., & Krathwohl, D. R. (Eds.). (2001). A taxonomy for learning, teaching, and assessing: A revision of Bloom's taxonomy of educational objectives. Allyn &Bacon.https://quincycollege.edu/wp-content/uploads/Anderson-and-Krathwohl_Revised-Blooms-Taxonomy.pdf

Antonio, A. (2021). Syntactical Scrutiny: Inaccuracies in the Lesson Planning of Non- Language Pre Service Teachers. *International Journal of Arts, Sciences and Education*,

Balog, P., & Gonzales, E. (2021). From Linguistic Landscapes to Teaching Resources: A Case of Some Rural Areas in the Province of Quezon. *International Journal of Arts, Sciences and Education*, *1*(2), 23–44.

Banares, A. J. (2022). Reinterpreting Sonnet 18 by William Shakespeare through Stylistic Analysis. *International Journal of Arts, Sciences and Education*, *3*(July Special Issue), 189–204. https://ijase.org/index.php/ijase/article/view/163.

Belarga, B., Guiquing-Clemente, B., Tulawie, A., Alih, C., Caban, R., & Manois, F. R. (2025). From Page to Praxis: The Role of Regional Literature in Shaping Culturally Grounded Teaching Methods in HEIs. International Journal on Culture, History, and Religion, 7(SI2), 356–371. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.206

Black, P., & Wiliam, D. (1998). Assessment and classroom learning: A review of research. Assessment in Education: Principles, Policy & Practice, 5(1), 7-74. https://doi.org/10.1080/0969595980050102

Brookhart, S. M. (2013). How to create and use rubrics for formative assessment and grading. ASCD. Retrieved from https://books.google.com

Caliboso, J., Bagalay, B., Santiago, M. grace, Bayan, R., Aguinaldo, I., & Belo, J. (2025). Literary Texts as Cultural Tools: A Study on Contextualized Learning Strategies in Philippine Higher Education. *International Journal on Culture, History, and Religion*, *7*(SI2), 340–355. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.205

Dela Cruz, L., Manera, A., Ramirez, E., Macato, D., Catbagan, R. J. I., & Tulawie, A. (2025). Bridging Cultures in the Classroom: Analyzing Pedagogical Approaches that Promote Intercultural

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 104-123

Competence in Multicultural Higher Education Settings. *International Journal on Culture, History, and Religion*, *7*(SI2), 242–261. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.202

Department of Education. (2023). MATATAG curriculum overview. Retrieved from https://www.deped.gov.ph

Eustaquio, M. T., Clemente, R., Joaquin, M., Manaois, F. R., Alih, C., & Tulawie, A. (2025). Reimagining Pedagogy through Cultural Narratives: Integrating Philippine Literature in Higher Education Classrooms. *International Journal on Culture, History, and Religion*, *7*(SI2), 262–277. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.203

Gipson, S. (2019). Pagtataya sa edukasyon: Mahahalagang konsepto at aplikasyon. International Journal of Educational Research, 33(1), 45-61. https://doi.org/10.1787/ijedr.2019.067

Newton, P. E., & Shaw, S. D. (2014). Validity in educational and psychological assessment. SAGE Publications. https://www.cambridgeassessment.org.uk/Images/466342-book-announcement-validity-in-educational-and-psychological-assessment.pdf

Novita, D., Manera, A. & Saboya, R.(2024).Global Education Through Local Lenses: A Qualitative Study on Teaching Practices in the Philippines and Indonesia Toward Achieving SDG 4. Studies in Interdisciplinary Horizons, 1(1), 11-20.

Salim, J. I. (2022). Discrimination and difficulty indices of a senior high school entrance examination using classical test theory. Academia.edu. https://www.academia.edu/98968123/ Discrimination_and_Difficulty_Indices_of_a_Senior_High_School_Entrance_Examin

UNESCO. (2015). World Education Forum 2015: Incheon Declaration and Framework for Action. United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization. Retrieved from https://www.unesco.org

Yudkowsky, R. (2009). Effective assessments for critical thinking in higher education. Journal of Educational Measurement, 48(3), 195-213. https://doi.org/10.3102/0037650410406077